# SA HARAP NG MGA ANINO NG KAMATAYAN AT PAGWAWAGI

## *In the Face of the Shadows of Death and Winning*

MJ Rafal

Setyembre ngayong taon, pumanaw si Fredric Jameson, Amerikanong iskolar at makapangyarihang tinig ng Marxistang pagsusuri sa panitikan, kultura, at kasaysayan. Bilang isa sa mga pangunahing intelektuwal-kritiko ng ating panahon, hindi lamang tiningnan ni Jameson ang panitikan bilang mabunyi at kapitapitagang anyo/lunan ng sining—para sa kaniya, isa itong masalimuot na produkto at entablado ng mga puwersang panlipunan at pampulitika.

Sa kanyang aklat na *Postmodernism, or, the Cultural Logic of Late Capitalism* (1991), halimbawa, binatikos niya ang postmodernismo bilang isang yugto ng kulturang hinubog ng huling tungki ng kapitalismo. Kay Jameson, sa ilalim ng postmodernismo, sa udyok ng kapitalismo, binaklas at inalis ang kakayahan ng sining na mag-ukol ng kritikal at lantay na alternatibo—o ng utopyang maaaring pagsilip at pagtupad sa posibilidad ng hihigit/papalit sa kasakuluyan nating realidad.

Lagi itong panahon ng kawalang-katiyakan, kung kaya't lagi rin itong paghamon na lingunin at usisain ang kasaysayan at maghanap ng mga bagong direksyon. Deklarasyon ni Jameson: "Always historicize!"—isang pagbabalik-tanaw at pagsusuri ng bawat anyo ng kultura sa konteksto ng panlipunang istruktura.

Sa kanyang paglisan, naiwang nakabitin ang mga tanong: Ano ang hinaharap ng sining sa panahong lumalalim ang kapitalistang panggigipit? Paano natin mababasa ang mundo, kung ang lahat, lagi, ay palatandaan ng isang sistemang tila hindi matatakasan?

*

Bagamat nakabitin, laging kaakibat ng mga pagtatanong ang pagtatangka na sagutin ito, hindi man ng pinakatiyak—o ang sagot ay isa na ring agarang solusyon—ang mismong pagtatangka ay solusyon at utopya na ng pag-igpaw sa kinamihasnan, lalo sa larangan ng panitikan.

Tingnan, halimbawa, ang munting koleksiyong "Mga Talâ Sa Kawalan [Bea Camacho]" ni Mesándel Virtusio Arguelles, isa sa pinakaprolipikong makata sa kontemporaryong lawas ng panitikang Filipino, at ang introspeksyon nito sa karaniwan at kawalan. Nakikipag-usap ang makata sa sariling pagmamalay nito sa araw-araw kakabit ang sining ni Bea Camacho na isa ring aktibong manlilikhang-sining ng kasalukuyan. Bilang salukan, nagsasalaminan ang mga sining— ang soneto (karugtong din ng salimuot na ito ang mismong pagbasag at pagbubuo ng makata sa anyo ng soneto na bahagi ng mas malaki niyang proyekto) ni Arguelles at ang 'kawalan' ni Camacho, upang magnilay sa pinakamatitining na tema ng alaala at paglimot. Kaakibat ng kapayakan ng wika at pananaludtod ni Arguelles ang pagbatak pa lalo sa konseptuwal na paghalukay natin sa mga sandaling inaagaw sa atin ng kapital.

Tulad din ito ng lirikal na interogasyon ni Mark Anthony S. Salvador sa kanyang mga tula sa "Sapagkat Lagi Tayong Pinagmamadali." Naglalarawan ang koleksiyon ng tunggalian ng bagal at bilis sa pamamagitan ng mga pang-araw-araw na eksena ng pagtatangka nating pabagalin ang sandali upang manatili, kahit sandali, sa kasalukuyan. Mga munting himagsik ito upang damhin, kahit saglit, ang pagkatao ng indibibdwal, at paglalamat din sa tanikalang iginapos sa atin ng mga bandiklak, biometric, balighong responsibilidad, hindi magkamayaw na alok ng konsumerismo, tubò, at palpak na gobyerno—na mga mukha ng kapital at neoliberal nitong proyekto. May dali, linaw, at gaan ang pagbabasa sa koleksiyon bagamat, alam natin, na hindi

madali, malinaw, at magaan ang mga hinihinging pagkilos at paninindigan upang maangkin ang hinahangad at ginagagad ng mga tula ni Salvador.

Sa kabilang banda, mas tinuturol-inilalantad naman ng mga koleksiyon nina John Carlo S. Gloria at Ronel Osias ang mukha ng mga kaaway at ang mga pakana nito. Kapwa nakaturo at hinuhubaran ng mga tula ang tiwali at utak-pulburang pangulong Rodrigo Roa Duterte at ang walang-kawawaan nitong pagpapairal ng Gera Kontra Droga. Sa "Komprontasyon sa Lansi ng Pusóng" ni Gloria, masining at matalas niyang inuusig ang rehimeng Duterte—ang panlalansi nito, ang pangloloko, ang populistang postura, ang pagpatay sa taong bayan bilang mukha umano ng disiplina, hustisya, at pag-unlad. Ngunit, nahahawi na ang inilambong na dilim; ngayon, lumilitaw nang mga modus ito ng pamilya Duterte upang papasukin ang mga kasapakat sa katiwalian, bayaran at payamanin pa ang mga namuhunan sa halalang kanilang nilahukan upang palawigin ang kapangyarihang lalo pang magpapabulas sa kanilang impluwensya at yaman—ngunit sumpang tila walang-katapusan naman sa mga karaniwang mamamayan. Gamit bilang tematikong lambat ang poklorikong 'pusóng' ng ating oral na panitikan, malinaw at matapang na sinisiyasat ng mga taludtod ni Gloria ang kapalaluan ng mga nasa kapangyarihan. Matagumpay naman ang mala-iskalpel na mga parikalang inilantad ni Osias sa kanyang koleksiyon na "Bangkay ni Fortun." Kakikitaan ng linis at sinsin ang mga tula ni Osias bilang mga pinto ng pagtuklas sa likod ng mga dahilan kung bakit laksa ang kamatayan sa panahon ng Tokhang. Ang waring henerikong pagsapol ni Gloria sa kanyang mga tula ay tumpak na sinaklaw ng mga imahen ni Osias. Kapwa matagumpay na koleksiyon ang mga ito bilang lunsaran pagbasa at pag-usisa sa ating lumulubhang panahon ng kawalang-katiyakan.

Mahusay naman ang paglalangkap ng sapantaha/ispekulatibo sa komentaryong panlipunan sa kuwentong "Kundi Hangin ay Dugo" ni Alec Joshua Paradeza. Naging matingkad ang paglalarawan ng nilalaman ng kuwento dahil na rin sa mabulas na bokabularyong Zambales na ginamit sa kuwento na tumutumbok tungo sa pagtalakay sa pagkawasak ng mayamang kabundukan at ang marahas na epekto nito sa mamamayan. Mahusay rin ang pagsasapin ng mga personal at domestikong usapin, lalo sa relasyong ina-anak, sa mas malaking mga usaping laging may

dagit sa mga desisyon at pag-iral ng indibidwal—dahil hindi kailanman nakakalag sa mga isyung panlipunan ang anumang mga personal na dalahin mayroon ang bawat isa sa atin, tulad ng nabanggit na ni Mark Fisher sa kanyang aklat na *Capitalist Realism: Is There No Alternative?*, "The pandemic of mental anguish that afflicts our time cannot be properly understood, or healed, if viewed as a private problem suffered by damaged individuals." (Ang pandemya ng pagdurusang mental na bumabagabag sa ating kasalukuyang panahon ay hindi maaaring maunawaan o malunasan nang wasto kung ituturing lamang bilang isang pribadong suliraning kinahaharap ng mga wasak na indibidwal.)

Kung kontemporaryong sumpa ang tinitilad ng naunang mga koleksiyon, kasaysayang malagim naman—Batas Militar na ipinataw ng matandang Marcos mula 1972 hanggang 1981—ang salukan ng mga dagli ni Carlo Rey Miguel M. Enrile sa kanyang "Limang Estasyon ng Bilangguan." Muling pagsasalaysay at pagtatala ang mga dagli ni Enrile (nagkataong Enrile rin ang arkitekto ng Martial Law ni Apo) sa kahindik-hindik na kapalarang sinapit ni Liliosa Hilao at Danilo Vizmanos bilang mga biktima ng mga mapang-abusong sundalong kontroladong robot ng uhaw-sa-kapangyarihang Marcos Sr. Nakadugtong din ang mga dagli hanggang sa pagpatay kay Percy Lapid sa panahon ni Duterte. Siklo ng pandarahas ang pinagigitaw ng mga dagli ni Enrile. Inuudyukan tayo ng mga ito na laging balikan, usisain, at itanghal ang kasaysayan tulad ng matining na manipesto-panawagan ni Jameson.

*

Ngayong 2024, saksi pa rin ang daigdig sa tuloy-tuloy na pananalasa ng Israel Defense Force sa lupain ng Palestina at mamamayan nito. Libu-libong inosenteng buhay na ang nawala at milyon-milyon rin ang patuloy na nawawalan at pinagkakaitan ng tahanan, mga batayang pangangailangan, edukasyon. Hindi na ito simpleng digmaan na lamang. Sa pagitan ng talaban ng mga lakas, saksi tayong lahat sa sistematikong pagpuksa na ginagawa ng Israel laban sa mga Palestino.

Ang malinaw: isa itong genocide.

May sapat nang ebidensya ang International Court of Justice (ICJ) upang ipakita ang sistematiko at organisadong

pagpuksa sa mga Palestino. Sa kanilang desisyon noong Enero, inatasan ng ICJ ang Israel na agarang ihinto ang anumang militarisko at pampulitikang hakbang na maaaring magpalala pa sa nangyayaring genocide ("Application of the Convention"). Sa kabila nito, patuloy ang pambobomba ng IDF sa mga Palestino—patuloy ang gutom, patuloy ang panggigipit sa mga sibilyan, patuloy ang pagpuksa.

Nagpahayag na rin ng pagtutol at pagkondena ang Amnesty International at iba pang organisasyong nakatutok sa karapatang pantao. Malinaw na umaayon at nakatindig sa depinisyon ng genocide, ayon sa Genocide Convention ng United Nations, ang sama-samang boses ng pakikiisa sa Palestina at panawagang tapusin na ng IDF ang pagpuksa at okupasyon (Amnesty International).

Ngunit hindi sapat ang mga deklarasyon. Sa mahabang kasaysayan ng daigdig, hindi napipigilan ang mga genocide ng mga tratado at salita lamang. Kailangang kumilos, makialam, at makiisa. Pagpapahintulot, instrumento ang katahimikan, ang piping pagsaksi, ang organisadong pagbubura at pag-aalis ng mga balita at tala, at siyempre, ang pakikialam ng mga makapangyarihang bansa, pangunahin ng Estados Unidos, sa patuloy na pagpuksa. Ang suporta ng Estados Unidos at iba pang kanluraning bansa sa Israel ay pagpapanatili ng imperyalistikong esensya ng kapital, pakinabang para sa pakinabang—ito ay sa kabila ng mga ebidensyang inilatag ng South Africa sa ICJ, kung saan inilahad at iginigiit nila ang planado at sistematikong pagpapahirap sa mamamayang Palestino (Al Jazeera). Makikita natin, sa ganitong konteksto, ang lumang aral mula sa kasaysayan: ang internasyunal na mga batas at pagpapatupad nito ay hindi gumagana kung walang pampulitikang puwersang nagtutulak upang mangyari ang panawagan.

*

Lagi, kakabit ng *Entrada* ang maraming pag-uusisa, ang pagharap sa mga tanong: paano isusulat ang panahong ito? Paano huhubugin ang wika upang maging sandata laban sa paglimot? Ang panulat, sa harap ng anino at karit ng kamatayan, ay hindi dapat manatiling tahimik. Isang anyo ng paglaban, ahensyang maaaring magluwal ng mga utopikong posibilidad ang pagharaya

at sapantahang karugtong ng panulat—at sa bawat tula, sanaysay, kwento, muling isinusulat ang kasaysayan hindi mula sa lente at lapit ng mga mapang-aping kapangyarihan, bagkus, mula sa mga biktima, sa mga lumalaban, at sa mga nangangarap nang lampas sa realidad ng kasalukuyang kalagayan.

Sa ganito maaring maisakonteksto ang proyekto ni Stefani J. Alvarez sa kanyang epistolaryong mga sanaysay na "Para Kay Najwa." Kailangan ipagdiinan: ang kasaysayan ng Palestina ay kasaysayan ng lahat ng sinasakop/sinakop at inaagawan/inagawan ng lupa sa daigdig—kung gayon, ang laban ng mga Palestino ay laban din ng mga Filipino at mahalaga ang papel ng mga Filipinong artista at manunulat sa labang ito. Sa mga sanaysay, hinuhubad at binubuyangyang ni Alvarez, sa mapagliming tinig at punto-de-bista ng isang migranteng aktibista-manunulat, ang tunay na kulay ng mga institusyong nagpapahayag at nagdedeklarang may marangal na hangarin, ngunit, sa katotohanan, ay kabahagi ng mga ahensyang mapanikil, at kung gayon, kasabwat at galamay rin sa pagpapanatili ng dominanteng balighong kaayusan. Lagi, matapang ang mga tindig, walang pagpipigil, ang interbensyon ni Alvarez sa mga mahahalagang isyung kinakailangan ng kagyat na pakikiisa at pakikilahok. Ang tiyak, kailangan natin ng ganitong tapang upang maisulong ang mga dakilang hangarin at mithi.

Interesante naman, sa kabilang banda, ang sanaysay na "Charting (Art And Other Cultural) Collectives: The Good, The Bad, And A Few Raw Things About The Dynamics Of Collectivizing" ni Lyra Garcellano. Nakawiwili ang sanaysay hindi lamang dahil sa langkap na mga komix, na likha rin mismo ng manunulat, kundi maging ang pagdadala nito ng mapanuring mga ideya gamit ang gaan ng humor (kung gaan nga itong maituturing) at ng mga sitwasyong-biswal na madaling makapag-uugnay sa mga mambabasa upang seryosong pagmunihan ang mga paksa tulad ng hirarkiya at 'burnout.' Adbentahe ng sanaysay ni Garcellano ang paghiram sa anyo ng recipe upang malikhaing mapatikim ang di-iilang mga konseptong maaaring maging abstrakto sa mga mambabasa ngunit nakapagbigay-kulay pa rin sa nilalaman at nakapaghahatid pa rin ng malalim na pag-unawa sa kung paano gumagana ang mga kolektibo. Halimbawa ang malikhaing sanaysay ni Garcellano na maaaring sangkutsain ang humor, sining-biswal, interesanteng paksa, at kritisismo upang makalikha ng makabuluhang sanaysay at hindi lamang marapat makulong,

tulad ng talamak na pamimihasa ng marami nang manunulat, sa manguyngoy at mahinagpis na mga personal na sanaysay.

*

Ngayong taon din, iginawad kay Han Kang, isang Koreanong manunulat, ang Gawad Nobel para sa Panitikan dahil sa kanyang "intense poetic prose that confronts historical traumas and exposes the fragility of human life" (Masidhing matulaing prosa na ginagalugad ang mga historikal na trauma at naglalantad sa karupukan ng buhay ng tao) (NobelPrize.org). Masinsing sinaliksik ni Han Kang ang epekto ng karahasan, diktadura, at pagnanasa bilang larangan ng tunggalian, matingkad ito sa kanyang mga nobela tulad ng *The Vegetarian* (2007) at *Human Acts* (2014).

Sa isang daigdig na walang-katapusan at patuloy na nangyayari ang kabi-kabilang digmaan, populistang awtoritaryanismo, at sistematikong pang-aapi, mahalaga at krusyal ang gampanin ng panitikang tumatalakay sa karahasan at alaala. Patunay ang panulat ni Han Kang, isang matibay na patotoo—hindi maaaring manatiling tahimik ang sining. Sa isang artikulo ni Yung In Chae, binanggit nito na ang panitikan ni Han Kang ay "hindi lamang isang pagsasalaysay ng nakaraan kundi isang babala at isang panawagan para sa hinaharap" *(The Yale Review)*. Testamento ang panulat ni Han Kang na ang sining, higit, ang panulat, ay isang anyo ng paglaban—larangan ito ng kolektibong pag-alaala upang tutulan ang paglimot.

*

Pag-alala at hindi paglimot ang ubod ng artikulong "Ang Puwersa ng Dahas ng War On Drugs sa Tulang '08/17/17' ni Allan Popa" ni Jomar G. Adaya. Ekstensyon ito ng mga koleksiyon nina Gloria at Osias upang panghawakan ang katotohanang may salarin sa likod ng walang-kawawaang pagpatay sa panahon ng Tokhang at kailangang may singilin, kailangang may managot sa mga krimen na ito. Naging lunsaran ni Adaya—para sa panawagan ng katarungan sa mga biktima ng balighong Gera Kontra Droga ng rehimeng Duterte—ang mga tula ni Allan Popa, isa sa pinakamahusay nating makata ng kasalukuyang panulaang

Filipino. Ginamit ni Adaya ang mga konsepto nina Galileo Zafra, Bienvenido Lumbera, at Walter Benjamin upang talakayin ang krisis ng dahas na umiigpaw pa rin hanggang ngayon, kahit wala na sa posisyon si Rodrigo Roa Duterte. Makabuluhang ambag ang pag-aaral ni Adaya sa bibihirang gawain ng paglalangkap ng iskolarling pananaliksik kasabay ng makabuluhang panawagan para sa pagigiit ng karapatang pantao at kolektibong katarungan.

Muli, tulad ng tatak nang estilo ng masiste-ngunit-matalas na argumentasyon at pagsasapin-sapin ng iba't ibang mga konsepto, kinakalikot na naman ni U Z. Eliserio ang ating imahinasyon at paninindigan. Sa kanyang artikulong "Trabaho, Trabaho Lang: Ang Pagpapaikli sa Haba ng Trabaho Bilang Panimulang Hakbang Tungo sa Utopia," gamit ang mga akda nina Jun Cruz Reyes, Rolando Tolentino, Ramon Guillermo, at Luna Sicat-Cleto, ginagalugad ni Eliserio ang mismong konsepto ng trabaho/paggawa—dalawang terminong buong pag-amin niyang inako na hindi niya mapag-iba. Naghahain ng alternatibo si Eliserio at kailangan nating basahin at pakinggan ang kanyang mga mungkahi. Tingnang halimbawa ito:

> [M]aaaring akusahan ang may-akda ng pagkiling sa mga malikhaing gawa, pilosopo man o direktor, makata man o nobelista, nang hindi man lang komukunsulta sa mga manggagawa mismo. Marahil ito ay nakaugat sa paniniwalang ang pagsusulat din, pagsusulat man ng personal na sanaysay o pananaliksik, ay paggawa. Pinagsasamantalahan din ang lakas- paggawa ng manunulat, at sa tinatamasang utopia, magsusulat ang manunulat pag "trip" niyang magsulat, at hindi dahil siya ay "wage slave" na walang makakain kung hindi siya magtatrabaho. Sa utopiang ito, hindi maghahabol ang mananaliksik para irebisa ayon sa reviewer ang kanyang papel para makapasa sa peer- reviewed journal sa pag-asang magagamit ang publikasyon para sa puntos, na mauuwi sa promosyon at baryang dagdag sa sweldo, kundi dahil nais talaga niyang pakintabin, parang bota, ang kanyang papel, hanggang sa kailangang magtabing ng mga mata ang sinomang sisilay dito (*Entrada* X, 162).

Bilang isa mga tagapagsulong ng metakritisismo sa bansa, pahabol na nilansag ni Eliserio ang iskema ng pagsusulat sa mga journal, na isa ring trabaho/paggawa—makulit na kritika itong replektibong minumuni ng *Entrada* para sa diwa ng utopikong paghakbang.

Mahusay namang pinagtalab ni Jesus Emmanuel S. Villafuerte, sa kanyang artikulo na "Of Text, Style, and Method: Edel Garcellano's Dialectical Criticism," ang tensyon sa pagitan ng Marxista at Pormalistang kritisismo upang idiin ang halaga ng kritisismong ginagawa ni Edel. Gamit at lunsaran ang kritisismo ng isa sa pinakamatalas na intelektuwal at kritikong pangkultura ng bansa, naipakita ni Villafuerte sa kanyang pag-aaral ang katotohanan na bawat manunulat ay nagagabayan, kundi man naiimpluwensyahan, ng kanyang historiko-politikal na posisyon. Dito higit na maidedeklara na nakatamin ang Marxistang lente sa lahat ng ating mga pagbabasa at pagsusuri, gayundin, lalo, sa mga pangkulturang produksyon.

*

Nobyembre ngayong taon, nanalong muli si Donald Trump bilang Pangulo ng Estados Unidos. Nababahala ang marami ngunit hindi ang mga naniniwala at umaasa sa mga pangako ng ika-47 lider ng pinakamakapangyarihang bansa sa kasalukuyan. Bukod sa pinakamainit na pampulitikang isyu, isang indikasyon ng patuloy na pagguho ng mga demokratikong institusyon at ng pagsasawalang-bahala sa karapatang pantao/pandaigdigang katarungan ang pagbabalik ni Trump sa kapangyarihan.

Tiyak, mas agresibo ang mga panggigipit at konserbatismong paiiralin. Ang kultura ng takot at disimpormasyong isinulong sa panahon ng kampanya (o bago pa nga ang panahon ng kampanya, katulad na katulad ng historikal na rebisyunismong pinamayani ng pamilyang Marcos mula nang makabalik sa bansa, at malaon, sa Malakanyang) ay sandatang muli't muling gagamitin sa pagpapanatili ng puwesto at kapangyarihan. Malawakan muli ang supresyong ipapataw sa katotohanan, at iigpaw at pamimihasain ang kapitalistang paghahari ng mga iilang maimpluwensya at bilyonaryo.

Kalungkutan at kasawian bang maituturing na iniwanan tayo ni Jameson sa ganitong landas at kalagayan ng kasaysayan?

Bagamat ang pagkapanalo ni Han Kang ng Gawad Nobel para sa Panitikan ay isang tagumpay ng panitikang tumututol sa paglimot at naglalantad sa mga madugong trahedya ng kasaysayan, ano ang implikasyon at impluwensya nito sa isang-napakalaking-birong pagkapanalo ni Trump? Tiyak naman, alam natin, mananatiling sandata ng katotohanan ang panitikan, sa isang panahon kung saan ang mga katulad ni Trump (idolo ni Duterte) ay probokador/ instigador ng kasinungalingan at manipulasyong pulitikal.

Ngunit sapat ba ito?

Patuloy ang genocide sa Palestina. At patuloy rin na bulag na sumusuporta sa Israel ang internasyunal na komunidad, lalo na ang Estados Unidos sa ilalim ng pamumuno ni Biden (at sa mga susunod na araw ay paghahari ni Trump na nangangahulugang pagsuporta sa walang-kawawaang digmaan, negosyong lisensyado ng mga batas at pamahalaan, kumakamal sa kamatayan ng mga walang kalaban-laban)—hinahayaan ng mga ito na magpatuloy ang sistematikong pagpuksa sa mga Palestino. Sa kabila ng malawakan at masinsin na dokumentasyon ng mga paglabag sa karapatang pantao, tuloy ang pagpuksa.

Nakababahala.

*

Nakababahala ngunit hindi ito kawalang pag-asa.

Kung tunay ngang ang ating kasaysayan ay entablado ng mga kontradiksyon—kung saan ang hinaharap ay laging isang pagbabalik, at ang pagbabalik ay laging isang muling pagsulat—narito tayo upang itala ang ating panahon. At sa harap ng anino ng mga kamatayan, muling isisilang ang panitikan—isang utopikong udyok na hindi maaangkin ng mga kaaway.

Ngayong taon, ika-10 taon na ng pag-iral ng *Entrada*. Mahaba pa ang lakbayin, ano’t anuman, lalaging lunan at sisidlan ang *Entrada* ng mga panitikang mapanghamon, sumusubok, lumalampas, nang-uusig, nag-uusisa, lumalaban, tumitindig sa harap ng anumang kamatayan at pagwawagi.

## Mga Sanggunian

Chae, Yung In. "Why Han Kang's Nobel Matters." *The Yale Review,* 10 Oct. 2024, yalereview.org/article/han-kang-nobel-prize.

Eliserio, U Z. "Trabaho, Trabaho Lang: Ang Pagpapaikli sa Haba ng Trabaho Bilang Panimulang Hakbang Tungo sa Utopia." *Entrada,* vol. 10, edited by MJ Rafal, PUP Printing Press, 2024, pp.147-164.

Jameson, Fredric. *The Political Unconscious: Narrative as a Socially Symbolic Act*. Cornell UP, 1981.

---. *Postmodernism, or, The Cultural Logic of Late Capitalism.* Duke UP, 1991.

Reynolds, Simon. "Mark Fisher's K-punk Blogs Were Required Reading for a Generation." *The Guardian,* 2017, www.theguardian.com.

"Application of the Convention on the Prevention and Punishment of the Crime of Genocide in the Gaza Strip (South Africa v. Israel)." *International Court of Justice*, 26 Jan. 2024, www.icj-cij.org/node/203447.

Amnesty International. "Israel's Actions in Gaza Amount to Genocide." *Amnesty International*, Dec. 2024, www.amnesty.org/en/latest/news/2024/12/amnesty-international-concludes-israel-is-committing-genocide-against-palestinians-in-gaza.

"South Africa's Legal Team Says Intent Is Clear in Israel's Gaza Genocide." *Al Jazeera*, 28 Oct. 2024, www.aljazeera.com/news/2024/10/28/south-africas-legal-team-says-intent-is-clear-in-israels-gaza-genocide.

"Han Kang – Facts – 2024." *NobelPrize.org*, Nobel Prize Outreach AB, 2024, www.nobelprize.org/prizes/literature/2024/han/facts/.